
SENIOR HIGH SCHOOL

# Filipino sa Piling Larang (Akademik)

## Ikalawang Markahan
## Modyul 15
## Pagbuo ng Sulating may Batayang Pananaliksik ayon sa Pangangailangan



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

CO_Q1_FILIPINO12_AKADEMIK_MODYUL15

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino sa Piling Larang (Akademik)**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan- Modyul 15**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Alfredo R. Alcantara Jr.
**Editor:** Rosarie R. Carlos
**Katuwang na Editor:** Alfredo R. Alcantara Jr.
**Tagasuri:** Rosarie R. Carlos
**Tagaguhit:**
**Tagalapat:** Raphael A. Lopez, Dalandanan NHS
**Tagapamahala:** Wilfredo E. Cabral
Arnulfo M. Balane
Micah G. Pacheco
Ma. Gloria G. Tamayo
Dennis M. Mendoza
Dr. Meliton R. Zurbano
Filmore R. Caballero
Jean A. Tropel
Rosarie R. Carlos

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)**
Office Address: Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600
Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985
E-mail Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph

SENIOR HIGH SCHOOL

# Filipino sa Piling Larang (Akademik)

## Ikalawang Markahan
## Modyul 15
## Pagbuo ng Sulating may Batayang Pananaliksik ayon sa Pangangailangan

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino sa Piling Larang (Akademik)-Baitang 11/12 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pagbuo ng Sulating may Bayatang Pananaliksik ayon sa Pangangailangan!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto ng mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino sa Piling Larang (Akademik)-Baitang 11/12 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa araling Pagbuo ng Sulating may Batayang Pananaliksik ayon sa Pangangailangan.

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | | |
|---|---|---|
|  | ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
|  | ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
|  | ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
|  | ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
|  | ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |

| | |
|---|---|
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anomang marka o sulat ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahihirapang magsagot sa mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka

ring humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

Pagbati! Matagumpay mong naisakatuparan ang mga gawain sa nakaraang modyul. Ngayon ay nasa ika-15 modyul na tayo at inaasahang muli na magiging makabuluhan at kawili-wili ang iyong magiging karanasan sa pagtugon sa mga gawaing nakapaloob sa modyul na ito.



## *Alamin*

Ang modyul na ito ay idinisenyo upang ikaw ay matulungan na matamo ang mga kasanayang inaasahan sa kursong Filipino sa Piling Larang (Akademik). Tatalakayin dito ang dalawang uri o anyo ng akademikong sulatin- ang Abstrak at Sintesis/Buod. Tutulungan ka ng modyul na ito na alamin ang wastong pamamaraan sa pagsulat ng sulating nakabatay sa pananaliksik. Matutunghayan mo rin ang halimbawa ng mga ito na maaari mong maging modelo sa pagsulat sa katapusan ng modyul.


Ang modyul na ito ay nahahati sa sumusunod na paksa:

1. Pagsulat ng Sintesis/Buod
2. Pagsulat ng Abstrak

Pagkatapos mong sagutan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Nakabubuo ng sulating may batayang pananaliksik ayon sa pangangailangan **CS_FA11/12PU-0p-r-95**

| Modyul 15 | Pagbuo ng Sulating may Batayang Pananaliksik ayon sa Pangangailangan |
|---|---|



## *Subukin*

**Panuto:** Magsaliksik ng isang halimbawa ng tesktong impormatibo hinggil sa *COVID-19*. Sumulat ng buod nito. Ilakip ang sanggunian.

| |
|---|
| ________________________<br>Pamagat<br><br><br><br>Sanggunian: |



## *Balikan*

**Panuto:** Balikan ang pananaliksik na isinagawa noong ikaw ay nasa Baitang 11. Sumulat ng abstrak nito. Gamitin ang patnubay na balangkas sa loob ng kahon.

| |
|---|
| ________________________<br>Pamagat<br><br>I. Layunin<br>II. Pamamaraan o Metodolohiya ng Pananaliksik<br>III. Resulta o Kinalabasan ng Pananaliksik<br>IV. Konklusyon at Rekomendasyon |



***Mga Tala para sa Guro***

Ang wastong paggabay sa mga mag-aaral sa pagsulat ng akademikong sulating may batayang pananaliksik ay lubusang makatutulong sa kanila sa pagsulat ng isang makabuluhan at kapaki-pakinabang na uri ng sulatin. Mahalagang bigyang diin sa pagtalakay ang mga bagay na dapat na isaalang-alang sa mga pagpili at pagkilala sa mga sanggunian sa pagsulat ng dalawang uri ng sulatin, ang abstrak at sintesis/buod. Gayundin, ang pagsusuri sa ibinigay na halimbawa ay magsisilbing gabay sa kanilang pagsulat.



## *Tuklasin*

**Panuto**: Makinig o manood ng napapanahong balita sa radyo, telebisyon o *internet*. Itala ang mga detalye ng napanood o napakinggang balita at sumulat ng buod nito.

Pamagat ng Balita:

Petsa ng Pagpapalabas ng Balita:

Pinaghanguan/Pinagkuhanan ng Balita: (Ilagay ang *link* o istasyon ng radyo/telebisyon)

Buod:

Naging madali ba sa iyo ang naunang gawain? Tayahin nga ang antas ng iyong pagganap para sa gawaing ito sa tulong ng paglalagay ng tsek (√) sa patlang.

______ Naging madali lang ang gawain.
______ Medyo mahirap ang gawain.
______ Mahirap ang gawain.

Ipaliwanag ang napiling sagot: ______________________________________________



## *Suriin*

Alam kong naging mapanghamon ang mga naunang gawaing sumubok sa iyong kasanayan sa pagsulat ng abstrak at sintesis/buod na may batayang pananaliksik. Upang lubusang malinang ang nabanggit na kasanayan, basahin at unawaing mabuti ang sumusunod na pagtalakay.

### Pagsulat ng Sintesis/Buod

Ang sintesis o buod ay isang bersyon ng pinaikling babasahin o teksto. Ito ay paglalahad ng mga kaisipan at mga impormasyong nakuha mula sa tekstong binasa. Layunin nitong mapadali ang pang-unawa ng isang mambabasa sapagkat hindi na niya kailangang basahin ang isang akda. Sa kabilang banda, ang sintesis at buod ay may pagkakaiba. Ang buod ay tumutukoy sa pangunahing ideya ng may-akda gamit ang sariling pananalita ng isang indibiduwal samantalang ang sintesis ay pagsasama-sama ng dalawa o higit pang buod upang maipakita ang kaugnayan ng dalawa o higit pang sulatin.

Sa pagsulat ng sintesis o buod ay tiyaking ito ay naglalahad ng tamang impormasyon mula sa mga sanggunian, nangangahulugang ito ay nakabatay sa pananaliksik. Kailangan ding maipakita ang pagiging obhetibo sapagkat hindi ito dapat naglalaman ng sariling opinyon ng sumulat.

Tunghayan ang halimbawa ng sintesis.

### *Online Games*

Halos lahat ng kabataan sa Pilipinas ay tumatangkilik sa *video games*. Ang *video games* o *online games* ay ang mga larong naimbento na nakapaghahatid ng kasiyahan at nagsisilbing libangan para sa ilang mga kabataan. Karaniwan itong nakikita sa iba't ibang uri ng mga gadyet tulad na lamang ng kompyuter*, cellphone*, *laptop* at iba pa. Gayunpaman, ang lubos na pagkahumaling sa mga ito ay nakapagdudulot ng masasamang epekto sa mga milenyal. Maaari nitong maapektuhan ang kalusugan ng isang bata, ang kaniyang pag-aaral at pati na rin ang pag-uugali.

Ayon sa isang pananaliksik, adiksyon ang dahilan na labis na paglalaro at hindi na ito napipigilan o humihinto ang mga manlalaro sapagkat ginagamit ng mga kabataan ang paglalaro ng *video games* kapag sila ay nababagot sa kanilang gawain sa paaralan. Kaya naman, ang paglalaro ng mga *video games* ang kanilang pinagkakalibangan at pinagkakasiyahan.

Ang mga halimbawang nauuso at tinatangkilik na *video games* ay ang *League of Legends*, *Cabal Online* at ang pinakapopular ang *Defense of the Ancients* o ang *DOTA 2. Ang DOTA* ay isang uri ng *war craft game* kung saan may isang karakter na nasa isang mundo at didipensahan mo ang isang lokasyon kasama ng iba pang mga *player*. Ngunit kung minsan, ang DOTA ay hindi na isang simpleng *online game*, dahil karamihan sa mga naglalaro nito ay nagpupustahan. Ang iba naman ay nalilipasan na ng gutom o kaya naman ay hindi na kumakain at natutulog makapaglaro lamang nito.

Ayon kay Dr. Jose George, isang *psychiatrist*, ang paglalaro ng magdamagan o pagbababad sa larong *video games* ay maituturing na adiksyon hindi katulad sa ordinaryong laro o mga larong kalye ay may matututuhan at magiging malusog ang pangangatawan dahil ang katawan ay sumasabak sa isang *recreational activity*. Mas maraming magagandang epekto ang paglalaro sa labas at hindi makabagong teknolohiya ang ginagamit. Nakaaapekto sa kalusugan ng mga kabataan ang madalas na paglalaro ng mga *video games* sa pamamagitan ng pagkasira ng mata dahil sa pagtutok sa kanilang mga gadyet buong araw. Dagdag pa rito, ang katagalan sa pag-upo at hindi madalas na pagkilos ay nakapagdudulot ng pagsakit ng likod, ulo, at iba pang bahagi ng katawan. Nalilipasan din ng gutom ang isang bata dahil sa paglalaro ng mga ito sa mahabang oras na maaaring makapagdulot sa kanila ng mga sakit gaya na lamang ng ulcer at iba pa.

Sanggunian:
https://wol.jw.org/tl/wol/d/r27/lp-tg/102002922
https://jfcgshs.wordpress.com/2017/07/21/masamang-epekto-ng-paglalaro-ng-video-games-2/
https://www.untvweb.com/news/mga-eksperto-nagbabala-sa-masamang-epekto-ng-pagka-adik-sa-online-games/
http://www.academia.edu/35332146/MGA_SANHI_AT_EPEKTO_NG_PAGLALARO_NG_ONLINE_GAMES_SA_ANTIPOLO

## Pagsulat ng Abstrak

Ang abstrak ay maikling buod ng isang pananaliksik, tesis, rebyu o katitikan ng kumperensiya. Ito ay matatagpuan sa unang bahagi ng manuskrito na nakahiwalay sa buong papel pampananaliksik kaya maaari itong tumindig bilang isang hiwalay na teksto o kapalit ng isang buong papel.

**Mga Dapat Tandaan sa Pagsulat ng Abstrak**

1. Lahat ng mga impormasyong ilalagay sa abstrak ay dapat na makikita sa kabuoan ng pananaliksik, nangangahulugang walang impormasyon na ilalagay na hindi naman matatagpuan sa pananaliksik.
2. Iwasan ang pagiging maligoy sa pagsulat nito. Gumamit ng mga simple, malinaw at tiyak na mga pangungusap.
3. Maging obhetibo sa pagsulat. Ilahad lamang ang mga pangunahing kaisipan at hindi dapat ipaliwanag ang mga ito.
4. Maging tumpak at mapanghahawakan ang mga pahayag dito. Iwasan ang paggamit ng mga salitang 'marahil', 'baka', 'siguro' at iba pang kaugnay ng mga ito na nagpapahiwatig ng di- katiyakan o pag-aalinlangan.
5. Gawin lamang itong maikli ngunit komprehensibo kung saan mauunawaan ng babasa ang pangkalahatang nilalaman ng pananaliksik.
6. Gumamit ng mga pangatnig upang maipakita ang pagkakaugnay-ugnay ng mga salita at pangungusap sa isang talata.
7. Gumamit ng wastong gramatika.

**Mga Hakbang sa Pagsulat ng Abstrak ayon kina Julian at Lontoc, 2016**

1. Basahing mabuti at pag-aralan ang papel o akademikong sulatin na gagawan ng abstrak.

2. Hanapin at isulat ang mga pangunahing kaisipan o ideya ng bawat bahagi ng sulatin mula sa introduksiyon, kaugnay na literatura, metodolohiya, resulta at konklusyon.
3. Buoin gamit ang mga talata, ang mga pangunahing kaisipang taglay ng bawat bahagi ng sulatin. Isulat ito ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga bahaging ito ng kabuoan ng papel.
4. Iwasang maglagay ng mga ilustrasyon, *graph, table* at iba pa maliban na lamang kung sadyang kailangan.
5. Basahing mabuti ang abstrak. Suriin kung may nakaligtaaang mahahalagang kasipang dapat isama.
6. Isulat ang pinal na sipi nito.

**Tandaan:** Limitahan ang mga salitang gagamitin. Ang isang abstrak ay karaniwang binubuo lamang ng 200-250 salita.

**Mga Bahagi ng Abstrak**

**I. Layunin**

Matutunghayan dito ang maikling pagpapakilala sa paksa gayundin ang mga tiyak na layunin/ suliraning kailangang lutasin ng mananaliksik.

**II. Pamamaraan o Metodolohiya ng Pananaliksik**

Tumutukoy ito sa mga pamamaraan at hakbang sa pagbuo ng pananaliksik. Maaaring ang pamamaraang ginamit ay deskriptibo, eksperimental o historikal na pananaliksik. Matutunghayan din dito ang mga kalahok sa pananaliksik, lugar at panahon ng pagsasagawa ng pananaliksik at kung paano sila pinili, instrumento sa pagkalap ng datos at istadistika sa pag-aanalisa ng datos.

**III. Resulta o Kinalabasan ng Pananaliksik**

Tumututukoy ito sa mga sagot sa mga tanong na nakalahad sa simula ng pag-aaral o yaong kabilang sa paglalahad ng suliranin. Tanging buod ng resulta lamang ang inilalagay rito at hindi ang kabuuang resultang makikita sa pananaliksik.

**IV. Konklusyon at Rekomendasyon**

Makikita sa bahaging ito ang implikasyon o hinuha batay sa kinalabasan ng pag-aaral. Ito rin ay karaniwang sumasagot sa haypotesis na ibinigay sa simula ng pananaliksik. Nararapat na buod lamang at pinaikling konklusyon ang ilalapat para sa abstrak. Sa ilang pagkakataon, maaari ring lapatan ng isang pangkalahatang rekomendasyon ang bahaging ito ng abstrak.

**Halimbawa ng Abstrak**

Ang pag-aaral na ito ay nauukol sa mga estratehiya sa pagtuturo ng Filipino sa pagbasang may pag-unawa ng mga mag-aaral sa baitang 10. Ang layunin nito ay ang sumusunod: (1) alamin ang *mean score* sa *pre-test* at *post-test* ng mga mag-aaral na hindi ginamitan at ginamitan ng mga estratehiya sa pagbasang may pag-unawa at (2) tuklasin ang makabuluhang pagkakaiba ng iskor sa *pre-test* at *post-test* ng mga mag-aaral na hindi ginamitan at ginamitan ng mga estratehiya sa pagbasang may pag-unawa.

Ang mananaliksik ay gumamit ng eksperimental na pamamaraan. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay mula sa Baitang 10 sa Mataas na Pambansang Paaralan ng Mapulang Lupa sa Taong Panuruan 2015-2016. Pinili ang limang pangkat sa pamamagitan ng *cluster sampling* o *fish bowl method*- ang pangkat A na hindi ginamitan ng estratehiya habang ang pangkat B (Ibahagi ang Buod), pangkat C (Ayusin ang Kaisipan), pangkat D (Ipasa ang Kaalaman) at pangkat E (Iguhit ang

Damdamin) na ang bawat isa ay may tatlumpung (30) kalahok. Binuo ang *pre-test* at *post-test* na hinango sa araling saklaw ng ikatlong markahan na naging instrumento sa pangangalap ng datos. Ang resulta ay tinuos sa pamamagitan ng *mean* at *ANOVA.*

Lumabas sa pag-aaral na 3.39 ang *mean score* sa *pre-test* ng limang pangkat. Natamo naman ng pangkat A ang 3.17, pangkat B ang 4.5, pangkat C ang 5.17, pangkat D ang 4.97 at pangkat E ang 4.43 ang *mean score* sa *post-test.* Walang makabuluhang pagkakaiba ang iskor sa *pre-test* ng mga mag-aaral sapagkat ang *f value* na 0.33 ay higit na mababa sa *f critical value* na 2.43. May makabuluhang pagkakaiba naman ang iskor sa *post-test* ng mga mag-aaral dahil ang *f value* na 7.39 ay higit na mataas sa *f critical value* na 2.43.


May mabuting epekto ang paggamit ng mga estratehiya sa pagbasang may pag-unawa. Iminumungkahi na gamitin ng mga guro ang lahat ng estratehiyang ginamit ng mananaliksik at magkaroon ng iba pang pananaliksik upang malaman ang iba pang estratehiyang maaaring gamitin para sa pagpapaunlad sa pagbasang may pag-unawa.

***Mga Susing Salita:*** *Estratehiya, Pagtuturo, Pagbasa, Pag-unawa*

Pagbati! Handang-handa ka nang sumulat ng halimbawa ng mga akademikong sulating tinalakay sa itaas, ngunit bago ka magpatuloy, mangyaring lagyan ng tsek (√) ang tumutugon sa antas ng iyong pag-unawa sa mga babasahin sa bahaging ito ng modyul.

_______ Lubusan kong naunawaan ang aking binasa.
_______ Bahagya kong naunawaan ang aking binasa.
_______ Hindi ko naunawaan ang aking binasa.

Ipaliwanag ang iyong napiling sagot: ______________________________________



## *Pagyamanin*

**Gawain 1**

**Panuto:** Basahing muli ang halimbawa ng sintesis sa aralin. Sagutin ang sumusunod na tanong sa sagutang papel.

1. Ano ang paksa ng sulatin?
2. Malinaw at organisado ba ang paglalahad ng mga kaisipan sa sulatin? Ipaliwanag ang iyong kasagutan.
3. Ano-anong reyalisasyon ang iyong nabuo mula sa binasang sulatin?
4. Nakabatay ba sa pananaliksik ang sulatin? Pangatwiranan.

**Gawain 2**


**Panuto:** Balikan ang halimbawa ng abstrak sa aralin at suriin batay sa tseklist sa ibaba. Lagyan ng  ang  kung maayos na nasunod nito ang katangiang dapat taglayin ng bahaging nakatala sa kaliwa at lagyan naman ng  ang  kung hindi. Sumulat ng maikling paliwanag tungkol sa napiling sagot.


| Abstrak |  |  | Paliwanag |
|---|---|---|---|
| Layunin | | | |
| Pamamaraan | | | |
| Resulta | | | |
| Konklusyon at Rekomendasyon | | | |
| May Batayang Pananaliksik | | | |




## *Isaisip*

**Panuto:** Sa tulong ng dayagram, ibigay ang mga dahilan kung bakit kailangang nakabatay sa pananaliksik ang susulating abstrak at sintesis/buod. Mula sa naitalang salita, bumuo ng maikling talatang maglalagom sa mga kasagutan. Gumamit ng sagutang papel.



Lagom:



## *Isagawa*

**Panuto**: Maghanap sa *internet* ng dalawa o higit pang artikulong may kaugnayan sa mapipiling paksa sa ibaba. Basahin at unawaing mabuti ang mga artikulo. Pagkatapos, sumulat ng sintesis nito. Isaalang-alang ang pagkilala sa mga pinaghanguan. Gumamit ng sagutang papel.

A. Suliraning Pangkapaligiran sa Bansa
B. Kaso ng *Cyberbullying* sa Bansa
C. Kalagayan ng mga OFW
D. *Online Class* sa Panahon ng Pandemya
E. Pag-usbong ng *Online Business* sa Bansa



## *Tayahin*

**Panuto:** Magsaliksik ng isang halimbawa ng pananaliksik sa *internet* na may kaugnayan sa iyong *strand.* Sumulat ng abstrak nito. Ilakip ang pamagat ng pananaliksik at ang sanggunian nito.

A. Pamagat ng Pananaliksik:
B. Sanggunian/URL:
C. Abstrak:

| Pamantayan sa Pagmamarka | Puntos |
|---|---|
| Nakakasusulat nang maayos na akademikong sulatin | 5 |
| Nakasusulat ng sulating batay sa maingat, wasto, at angkop na paggamit ng wika | 5 |
| Nakabubuo ng sulating may batayang pananaliksik ayon sa pangangailangan | 5 |
| **Kabuoan** | **15** |

## Karagdagang Gawain

**Panuto:** Magbasa at magsuri ng isang pananaliksik sa *internet* mula sa Malay Research Journal-De La Salle University at sumulat ng abstrak nito. Isulat ito nang maingat, wasto at angkop ang paggamit ng wika. Gumamit ng sagutang papel.

Pamagat ng Pananaliksik:

Abstrak:

## Susi sa Pagwawasto

Malaya ang sagot sa lahat ng gawain.

## Sanggunian


Mga Aklat

Julian A. B. at Lontoc N. (2016). Pinagyamang pluma (K-12). Phoenix Publishing House, Inc. Quezon City

Aksyong Pananaliksik

Alcantara, A. Jr. R. Jr. (2016). Mga estratehiya sa pagtuturo ng Filipino sa pagbasang may pag-unawa ng mga mag-aaral sa baitang 10. (Aksyong Pananaliksik). SDO Valenzuela

Hanguang Elektroniko

Terrado Kenn. "Online Games." October 14, 2018. Galing sa https://subukanmongbuksan.wordpress.com/2018/10/14/halimbawa-ng sintesis



**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph